

- May mga bagay ba sa buhay mo na hindi nagsisilbing paglilingkod sa Diyos? Isuko ang mga ito sa Kanya at hilingin na hubugin ka Niya upang makapagbigay ka sa Kanya ng kasiyahan.

PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos sa pagkakataon na makapaglilingkod sa Kanya sa komunidad kung saan ka Niya inilagay. Ipanalangin ang Kanyang kalakasan at kakayahan na makapaglilingkod sa Kanya nang may pagpapakumbaba at pagsasakripisyo sa pamamagitan ng Kanyang kapangyarihan.
- Pasalamatan Siya sa pag-akay sa iyo upang maging bahagi ng katawan ni Cristo. Hilingin sa Kanya na sanayin at palakasin ang iyong mga espirituwal na kaloob.
- Ipanalangin na magkaroon ka ng mga pagkakataon na sanayin ang mga espirituwal na kaloob na ibinigay sa iyo. Ipanalangin na malinaw mong marinig ang tinig ng Diyos at makilala ang paggabay ng Banal na Espiritu.

NOTES



© 2019 by VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot mula sa
Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.

victory.org.ph

WARM-UP

- Ano ang isang kakayahan na hindi mo alam na taglay mo o ikinagulat mo nang malaman mong taglay mo pala ito?
- Ikuwento ang isang pagkakataon na dumaan ka sa isang masusing pagsasanay para sa isang bagay. Ano ang naging karanasan mo dito?
- Ikuwento ang isang pagkakataon na nagsakripisyo ka para sa isang layunin.

WORD ¹³Mga kapatid, tinawag kayo upang maging malaya. Ngunit huwag ninyong gamitin ang kalayaan n'yo para pagbigyan ang mga pagnanasa ng laman. Sa halip, magmahalan kayo't magtulungan. ¹⁴Sapagkat ang buod ng buong Kautusan ay nasa isang utos: "Mahalin mo ang iyong kapwa gaya ng iyong sarili." **MGA TAGA-GALACIA 5:13,14**

(Basahin din ang **1 CORINTO 12:27,28.**)

Ang isa sa mga tanda ng sinaunang iglesya ay ang paglilingkod. Makikitang kinuha ni Jesus ang posisyon ng isang pinunong naglilingkod. Kahit pagkalipas ng Kanyang kamatayan, nakita pa rin ito ng Kanyang mga disipulo. Bilang katawan ni Cristo, lahat tayo ay may kani-kaniyang tungkulin (1 Corinto 12:27,28). Lahat tayo ay may kakayahan at likas na kahusayan upang makapaglilingkod ayon sa layunin ng Diyos sa buhay natin. Batay sa halimbawang ipinakita ni Esteban sa sinaunang iglesya, paano tayo dapat na maglilingkod?

1 | Maglingkod nang may pagpapakumbaba.

Sumang-ayon ang lahat ng mga mananampalataya sa sinabi ng mga apostol. Kaya pinili nila si Esteban na may matibay na pananampalataya at puspos ng Banal na Espiritu. Pinili rin nila sina Felipe, Procorus, Nicanor, Timon, Parmenas, at Nicolas na taga-Antioc. Si Nicolas ay hindi Judio pero umanib sa relihiyon ng mga Judio. **MGA GAWA 6:5**

Nang ang mga Hellenists (mga Hudyo na nagsasalita ng Griyego) at mga Hebreo ay nagkaroon ng hindi pagkakaunawaan tungkol sa pagbibigay ng pagkain sa mga biyuda, si Esteban ay isa sa pitong pinili upang paglingkuran sila. Si Pablo naman at ang ibang mga pinuno ay inilaan ang kanilang sarili sa pananalangin at pag-aaral ng Salita ng Diyos. Hindi natin dapat isipin na may paglilingkod na mas mababa kaysa sa iba. Bagkus, dapat tayong maglingkod nang may pagpapakumbaba. Paano ka naglilingkod? Nagawa mo na ba ang pagkakamaling maglingkod nang walang pagpapakumbaba?

2 | Maglingkod sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu.

⁵Sumang-ayon ang lahat ng mga mananampalataya sa sinabi ng mga apostol. Kaya pinili nila si Esteban na may matibay na pananampalataya at puspos ng Banal na Espiritu. Pinili rin nila sina Felipe, Procorus, Nicanor, Timon, Parmenas, at Nicolas na taga-Antioc. Si Nicolas ay hindi Judio pero umanib sa relihiyon ng mga Judio...⁸Pinagkalooban ng Diyos si Esteban ng pambihirang kapangyarihan. Kaya maraming himala at mga kamangha-manghang ginawa niya ang nasaksihan ng mga tao.

MGA GAWA 6:5,8

Kahit pa siya ay pinili upang maglingkod, si Esteban ay may matibay na pananampalataya at puspos ng Banal na Espiritu. Habang lumalago ang ipinagkaloob sa kanya ng Diyos na kapangyarihan, *nakagawa siya ng maraming himala at mga kamangha-manghang mga bagay.* Nagawa pa

niyang makipagdebate, at hindi siya kayang talunin ng iba dahil *binigyan siya ng karunungan ng Banal na Espiritu* (Mga Gawa 6:10). Pinagsilbihan niya ang Diyos sa pamamagitan ng pagpapalaganap ng ebanghelyo. Nagawa niya ito sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Banal na Espiritu. Paano tayo lumalago at natututo sa espirituwal nating pamumuhay? Pinahihintulutan mo ba ang Banal na Espiritu na kumilos sa pamamagitan mo habang ipinapangaral mo ang ebanghelyo?

3 | Maglingkod nang may pagsasakripisyo.

⁵⁹Habang binabato nila si Esteban, nananalangin siya. Sinabi niya, "Panginoong Jesus, tanggapin n'yo po ang aking espiritu."⁶⁰Pagkatapos, lumuhod siya at sumigaw nang malakas, "Panginoon, huwag n'yo silang papanagutin sa kasalanang ito na ginawa nila." At pagkasabi niya nito, namatay siya. **MGA GAWA 7:59,60**

Si Esteban ay pinatay sa pamamagitan ng pagbato matapos niyang ihayag nang buong tapang ang ebanghelyo sa kapulungan ng mga namumuno noong panahong iyon—ang kapulungan na siya ring nagpapatay kay Jesus. Ang kagustuhan niya na paglingkuran ang Diyos at ipahayag ang Kanyang pangalan ay malayo ang narating. Matapat siyang naglingkod, nagpahayag at nagpakita ng kapangyarihan ng ebanghelyo, maging sa kamatayan. Ibinigay niya ang lahat ng maibibigay niya. Wala siyang ipinagkaila. Paano mababago ng sakripisyo ni Jesus sa krus ang pananaw natin sa pagsasakripisyo?

APPLICATION

- Inilaan mo na ba ang buhay mo sa paglilingkod sa tunay na Diyos? Gusto mo bang isuko ang buhay mo sa Kanya ngayon?
- Lahat tayo ay binigyan ng Diyos ng espirituwal na kaloob. Alam mo ba kung ano ang ibinigay sa iyo ng Diyos? Ayon sa 1 Corinto 12:7, para saan ang mga kaloob na ito?